

HANAP KWENTO: *Ang Mundong Nakabitin*

Ang Diwa ng Laro

Ang layunin ng larong ito ay upang makipagkilala at makipag-usap ang mga bata sa pamamagitan ng kanilang mga kwento at larawan.

Ang Mga Tuntunin ng Laro

Ang larong ito ay katulad din ng paligsahan sa pagtakbo para sa mga batang magmula pitong taong gulang hanggang labintatlong taong gulang. Sisimulan ito sa walong larawan na may walong kwento. Ang mga larawan/kwento ay ang naging resulta ng Kompetisyong 2007/2008 StoryFinder na ginanap sa Seksyong Pangkabataan sa isang lokal na silid aklatan sa Roma na tinatawag ding *Biblioteca Comunale Villa Mercede* (sa *Via dei Sardi*, 35 - Roma, Italia).

Ang mga batang nais makilahok sa **Hanap Kwento: Ang Mundong Nakabitin** ay kinakailangan makasulat ng kwento na may kasamang larawan. Ang paligsahan ay sisimulan ng isang bata o “string Leader” na tumatayong pinuno na siya ring magsisimula o mangunguna sa “relay o paligsahan” at siya lamang ang may karapatang pumili sa pamamagitan ng dalawang ito: pagsulat ng kwento para sa isang larawan o maglarawan para sa isang kwento. Ang mga kasaling kasapi ay maaaring pumalit, o magsalitan sa paraang pagsulat ng kwento para sa larawan o maglarawan para sa kwento para sundan ang naunang larawan.

Ang mga nagawa ay isasabit sa pisi. Paalala: Walang tatanggaping lahod na ipadadala sa pamamagitan ng fax o email.

Ang paligsahang ito ay magtatapos sa Oktubre 2009. Magbigay ng kopya sa lokal na Aklatan kasama ng kumpletong information na nakasulat sa ibaba, may kasamang istruksyon sa Italyano, lagda at pahintulot ng magulang:

STRINGLEADER CHILD FORM

Pangalan: _____

Apelyido: _____

Tirahan: _____

Kodigo-Koreo: _____

Bayan/Ciudad: _____

Bansa/Statu: _____

(sagutin rin sa istuksyong sa salitang banyaga)


Ang premyo ay mapupunta sa pangkat na may pinakamaraming ginawa at pinakamalayong narating ng kwento. Ipagkakaloob ang mga premyo sa mga kasaping nanalo sa pamamagitan ng personal na pagpunta o sa pamamagitan ng koreo.

Pagkatapos ng pagkakaloob ng gantimpalaa o premyo ang orihinal na kopya ay ibabalik sa mga kasapi at mag-iiwan ng kopya para sa mga namahala ng paligsahan para magamit sa kanilang **StoryFinder Project/Proyekto ng Hanap Kwento**.

Mga Hakbang Kung paano Gagawin ang “story-string”:

1 piraso ng sinulid o pisi na may habang apat na metro
2 kopya - 1 larawan at 1 kwento para sa unang pares
1 pirasong malinis na papel
Pandikit o glue

likot ang dulo ng sinulid o pisi at idikit ang kabilang dulo ng pandikit o glue. Idikit sa tali ang pares ng kopya ng larawan at istorya ayon sa pakakasunud-sunod na pinili ng pinuno: Gumuhit/maglarawan ng kwento o pagsulat ng istorya para sa larawan. Gamitin ang malinis na papel para sa bagong kwento o larawan at isulat sa likod ang pangalan, apelyido, edad at tirahan, telepono at petsa. Idikit ang mga ito sa sinulid o pisi.



Paano Simulan?

1 enbelop

1 selyo

Tirahan ng kaibigan

Paraan (Orihinal na Italian at iba pang lengguahe)

Kapag ang sinulid o pisi ay nakahanda na maari na itong itupi na magkakasya ang isang envelope na may mga na may mga gabay para sa ibang lengguahe (Italya o sa iba pang bansa), depende sa matatanggap nila, maaring makibahagi sa pamamagitan ng pagguhit ng kwento ng kaibigan nila o kaya’y pagkwento ng larawan ng kanilang kaibigan. Ipadadala nila ang kanilang gawa na nakalagay sa envelope, na may kasamang lagda ng magulang at instruksyon. Sa pamamagitan nito ay makabubuo ang mga kabataan ng isang pangkat na hindi magkakakilala subalit sila ay kasali sa isang pangkat para sa kumpetisyong ito. Ang bawat batang kasali ay maglalagay ng detalye para sa kanyang lahok: pangalan, apelyido, tirahan, paaralan, email at telepono (kung mayroon).

Ang mga magulang ay kinakailangang lumagda sa sumusunod na deklarasyon sa orihinal na Istruksyon sa Italyano.

Pinahihintulutan kong mailathala ang ginawang kwento/larawan ng aking anak. Sumasang-ayon ako na ang lahat ng mga impormasyon na ipinagkaloob ay gagamitin lamang ng Storyfinder competition (→pumunta sa sa orihinal na istruksyon sa Italyano).

Para sa Iba pang impormasyon tungkol sa proyektong hanap kwento: komunsulta sa sito www.simonettalambertini.info at pindutin ang “Ang Mundong Nakabitin”.